

Tulong sa Wika para sa mga Botante ng San Mateo County

*Lahat ng kailangan ninyong malaman upang makaboto *sa wikang gusto ninyo**

Ang mga botante ng San Mateo na mas gustong bumoto gamit ang wikang maliban sa English ay maaari nang makakuha ng tulong ngayon higit kailanman! Ang lahat ng nasa English habang bumoboto ay nakasalin din sa Spanish at Chinese. Kung kayo ay nagsasalita ng Filipino/Tagalog o di kaya ng Korean, maaari kayong makakuha ng nakasaling reperensyang balota (tinatawag ding “facsimile ballot”) sa inyong wika. Depende ito sa kung saan kayo nakatira.

Pasulyap sa mga Kahingian ng Wika sa San Mateo

<p>Lahat ng Nakasalin: SPANISH, CHINESE</p> <p><i>Ang lahat ng nasa English, kabilang ang mga balota, ay nakasalin din sa Spanish at Chinese.</i></p>	<p>Mga Magagamit na Nakasaling Reperensyang Balota: FILIPINO/TAGALOG, KOREAN</p> <p><i>Maaaring may nakasaling reperensyang balota (tinatawag ding “facsimile ballots”) sa Filipino/Tagalog at sa Korean. Tawagan ang tanggapan ng eleksyon upang makapagpadala nito sa inyo bago ang Araw ng Eleksyon, o hanapin ito sa Sentro ng Botohan.</i></p>
---	---

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa tanggapan ng eleksyon ng San Mateo County

- Tawagan o i-text ang: (650) 312-5222
- Website: smcvote.org

Malalaking pagbabago sa mga eleksyon sa San Mateo County!

Nagpapatupad ang San Mateo County ng bagong sistema ng eleksyon sa taong ito alinsunod sa Voter’s Choice Act (Batas sa Pinili ng Botante).

Ang lahat ng nakarehistrong botante ay awtomatikong makakatanggap na ng vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo) sa koreo. Maaari itong ibalik sa pamamagitan ng koreo, drop box, o sa isang “sentro ng botohan.” Ang tradisyonal na presinto sa komunidad ay inalis na. Ang mga sentro ng botohan ay nag-aalok ng maagang pagboto at pagpaparehistro ng botante sa mismong araw.

Maaari kayong bumoto sa *kahit saang* sentro ng botohan sa probinsya, hindi lang doon sa pinakamalapit sa inyong tahanan! Maaari ninyong kunin ang inyong bilinggwal na balotang Spanish o Chinese sa kahit saang sentro ng botohan. Kung naninirahan kayo sa isang dako ng probinsya na maraming Filipino o Korean, makakakuha kayo ng reperensyang bersyon ng inyong balota sa Filipino/Tagalog o Korean, sa kahit saang sentro ng botohan sa probinsya Maaari din kayong tumawag at ipapadala ito sa inyo sa pamamagitan ng koreo bago ang Araw ng Eleksyon.

Maiikling payo para sa mga botanteng bumoboto sa personal

Palaging tanungin ang kawani sa inyong presinto kung ano-anong materyales ang mayroon sila sa inyong piniling wika. At itanong kung mayroong kawani sa sentro ng botohan na nagsasalita ng inyong wika.

Maiikling payo para sa mga botanteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo

Kung boboto kayo sa pamamagitan ng koreo, tawagan ang tanggapan ng eleksyon sa San Mateo County at itanong kung ano-anong nakasaling materyales ang maaari nilang ipadala sa inyo. Dapat ay maibigay sa inyo ang lahat nang walang bayad.